

Ebalwasyon sa sanayang gawain sa Filipino: Pinagyamang kagamitan para sa Persons Deprived of Liberty (PDL)

Ondras, Lucky ✉

Department of Education Region VIII - Leyte Division, Hampipila National High School Abuyog South District, Philippines (lucky.ondras@deped.gov.ph)

Ariaso, Rowena

Leyte Normal University, Philippines



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 5 June 2023

Available Online: 28 July 2023

Revised: 13 July 2023

DOI: 10.5861/ijrse.2023.43

Accepted: 28 July 2023

Abstract

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa ebalwasyon ng nilalaman, wika, *layout* at disenyo ng mga sanayang gawain sa Filipino tungo sa pagbuo ng pinagyamang kagamitan sa Baitang 11 para sa mga mag-aaral na Persons Deprived of Liberty (PDL) ng Cagbolo Senior High School sa Abuyog, Leyte. Ginamit sa pag-aaral ang Evaluation Tool for Content, Language, Layout and Design for DepEd-developed Alternative Delivery Modality Learning Resources ng Kagawaran ng Edukasyon. Limang (5) eksperto ang pinili bilang kalahok ng pag-aaral gamit ang purposive sampling technique. Kuwalitatibo ang disenyo ng pag-aaral at naging empirikal na batayan sa pagsuri at interpretasyon ang tugon ng mga eksperto. Naging batayan ang mga tiyak na rekomendasyon sa isinagawang ebalwasyon para sa pagpapaunlad ng kagamitan. Napatunayan sa pag-aaral na *complied with minor revision* ang kabuoang tugon ng mga eksperto matapos maabalweyt ang nilalaman, layout at disenyo ng mga sanayang gawain. Natuklasan din ang mga isyu sa *redundancies, spelling and punctuation, capitalization, hyphenation* at *spacing* matapos ang ebalwasyon sa wika. Walang nakitang paglabag sa mga alituntuning koreksiyunal sa mga sanayang gawain subalit nangangailangan ng rebisyon ang nilalaman sa bahagi ng bibliography ganoon din sa *front matter pages, backmatter pages*, at *harmonious blending of texts and images* tungo sa mas maayos na layout at disenyo. Napag-alaman din na hindi gumamit ang guro ng mga sensitibong salita, gawain, o disenyo sa mga sanayang gawain na makapagdudulot ng distress sa mga mag-aaral na PDL kaya inirekomendang gamitin ito ng mga guro na nagtuturo sa kulungan.

Keywords: ebalwasyon, Filipino, sanayang Gawain, pinagyamang kagamitan, Persons Deprived of Liberty

Ebalwasyon sa sanayang gawain sa Filipino: Pinagyamang kagamitan para sa Persons Deprived of Liberty (PDL)

1. Introduksiyon

Oportunidad kung maituturing ng mga Persons Deprived of Liberty (PDL) ang pagkakaroon ng pormal na edukasyon sa loob ng koreksiyunal na pasilidad. Sa bisa ng Regional Memorandum No. 538 at Government Permit No. 39 s. 2020 ng Kagawaran ng Edukasyon sa Rehiyon 8, naipatupad ang Senior High School sa loob ng pinakamalaking koreksiyunal na pasilidad sa rehiyon. Bilang isang paaralang sekundarya sa loob ng kontroladong pasilidad, layunin ng Kagawaran ng Edukasyon at Bureau of Corrections (BuCor) ang holistikong repormasyon ng mga mag-aaral na PDL na kalahok sa ipinatutupad na mga gawaing pampagkatuto. Subalit, ang mga kagamitang pampagtuturo at pampagkatuto kagaya ng mga aklat, modyul at mga sanayang gawain na ginagamit ng mga guro at mga mag-aaral sa malayang lipunan, ang ginagamit din sa loob ng kulungan bilang sanggunian o mismong suplimental na kagamitan. Kung kaya, malaking hamon sa mga gurong nagtuturo sa loob ng koreksiyunal na pasilidad ang pagpapatupad ng mga angkop at makabuluhang gawaing pampagkatuto sapagkat limitado ang mga kagamitang maaaring ipasok dito ganoon din ang mga gawaing itinatakda sa paniniwalang ito ay sensitibo sa mga mag-aaral na PDL, o lumalabag sa mga panuntunan ng isang kontroladong pasilidad. Suliranin din ng mga guro ang kulungan at araw-araw na pag-isip ng mga gawaing magkapagbibigay ng mga makabuluhang karanasan sa mga mag-aaral na akma rin sa edad, at kinalalagyan ng mga ito. Kung kaya, kanais-nais ang pagkakaroon ng kalipunan ng mga sanayang gawaing angkop sa mga mag-aaral na tiyak din sa layunin at kompetensi ng asignatura.

Pinagtibay sa ikalimang seksyon ng Republic Act 10533 o ang *Enhanced Basic Education Act of 2013* ang mga guro na siyang tagapagtaguyod ng kurikulum sa paaralan na lumikha o gumawa ng mga hakbang sa pagdeblop ng mga kagamitang tiyak para sa mga mag-aaral bilang tugon sa pangangailangang mas nagiging madali ang pagkatuto kung ang mga gawain ay nauugnay sa edukasyonal at sosyal na konteksto.

Lalong tumingkad ang pangangailangan sa debelopment ng mga kontekstuwalisadong kagamitan tulad ng mga sanayang gawain nang magpatupad ang Kagawaran ng *distance learning* taong 2020 dahil sa pandemya. Ang mga guro ay hinikayat na gumawa ng mga sanayang gawain bilang tugon sa pangangailangan na ipagpatuloy ang edukasyon kahit pa man ang pagkatuto ay hindi pisikal na nagaganap sa loob ng klasrum. Dagdag pa, dahil sa pagkukulang ng ahensiya sa pagpapalabas ng mga Self Learning Modules (SLMs) sa lahat ng asignatura linggo-linggo sa bawat baitang, natugunan ng mga nabuong sanayang gawain ng guro ang gap sa kawalan ng kagamitan sa pagkatuto sa tiyak na panahon dahil hindi pa handa ang mga modyul na ito. Pinagtibay rin sa probisyong ito ang pagtiyak ng mga guro na ang mga kagamitang nabuo ay naayon sa Most Essential Learning Competencies (MELCs) na ipinalabas ng Bureau of Learning Delivery (BLD) ng Kagarawan. Hango sa DepEd Order no. 21, s. 2019 o ang *Policy Guidelines on the K to 12 Basic Education Program* at sa DepEd Order no. 18, s. 2020 o ang *Policy Guidelines on the Provision of Learning Resources in the Implementation of the Basic Education Learning Continuity Plan (BE-LCP)*, mahalaga na ang mga kagamitan tulad ng mga sanayang gawain na nabuo ng mga guro dahil sa pangangailangan ng kaniyang mga mag-aaral ay idaan sa ebalwasyon nang matiyak ang kaangkupan at kalidad ng mga ito.

Kung kaya, naging layunin ng pananaliksik na ito na maebalweyt ang mga nabuong sanayang gawain sa “Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino” para sa mga mag-aaral na PDL. Tiningnan kung ang wika, nilalaman, layout at disenyo ng mga nabuong kagamitan ay angkop sa mga nabanggit na mag-aaral.

1.1 Layunin

Nilayon ng pag-aaral na ito na maebalweyt ang mga nabuong sanayang gawain ng guro sa asignaturang

Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino para sa mga mag-aaral na Persons Deprived of Liberty (PDL). Sinuri ang NILALAMAN ng kagamitan batay sa (a) intellectual property rights compliance, (b) learning competencies, (c) instructional design and organization, (d) instructional quality, (e) assessment, at (f) readability. Maingat din na tiningnan sa ebalwasyon ang WIKA ng kagamitan batay sa (a) coherence and clarity of thought, (b) grammar and syntax, (c) spelling and punctuation, at (d) consistency in style. Binigyang pansin din sa ebalwasyon ang LAYOUT at DESINYO ng kagamitan batay sa (a) physical attributes nito, (b) cover page, (c) front matter pages, (d) inside pages, (e) back matter pages, (f) design and layout, (g) typographical organization, at (h) visuals.


Batayang Teoretikal - Nagsilbing saligan ng pag-aaral na ito ang mga teoryang Non-directive and Therapeutic Learning ni Rogers (1987) at Andragogy Theory ni Knowles (1997). Nagsimula ang teoryang Non-directive and Therapeutic Learning taong 1942 nang isulat ni Carl Rogers ang aklat na Counseling and Psychotherapy: Newer Concepts in Practice na pinagmulan ng konseptong non-directive therapy. Inilarawan ni Rogers ang non-directive therapy bilang isang paraan ng terapista sa pangagamot na kung saan sinusunod nito ang ninanais ng kliyente. Taliwas ito sa paniniwalang ang terapista ang siyang magdadala tungo sa lubusang paggaling ng kliyente sa halip ang terapista ay tutulong lamang upang matukoy ng kliyente ang suliranin at hayaan itong madiskubre ang solusyon ng kaniyang pinagdadaanan. Matapos ang ilang taon, nailapat ang konseptong ito ni Rogers sa konteksto ng edukasyonna kung saan ginamit ang terminong “person-centered” sa halip na client-centered at nagbibigay halaga sa pagkatao ng isang mag-aaral gayundin sa proseso ng pagtuturo sa mga ito. Inaasahan na ang guro na siyang huhubog sa kaalaman ng mga mag-aaral ay tiyak sa pagbuo ng mga gawain na akma at pabor sa pagkakakilanlan at kalagayan ng mga mag-aaral gayundin sa pagtukoy sa kung paano sila natututo at paano mas napapadali ang kanilang pagkatuto sa pamamagitan ng mga gawaing akma at may pagpapahalaga sa kanilang edad at kinalalagyan.

Ang pangalawang teorya na sinaligan ng pag-aaral na ito ay ang Andragogy Theory ni Malcolm Knowles (1997). Binigyang-diin ni Knowles sa kaniyang teorya na may tiyak na pangangailangan ang pagtuturo sa mga mag-aaral na nasa tamang edad na. Tinukoy niya na sa pagtuturo ng mga mag-aaral na may edad na ay dapat naiisip ng guro na ang mga ito ay may kakayahan nang suriin ang konseptong pansarili, may malawak nang karanansan, handang-handang matuto, may oryentasyon sa kaniyang sariling pagkatuto at nangangailangan ng motibasyon sa kanyang pagkatuto. Inaasan na ang guro ay responsable at may pagpapahalaga sa mga konseptong nabanggit habang siya ay naghahanda at nagtuturo sa silid-aralan. Dagdag pa, ang guro ay may kakayahan na mas pagyamanin pa ang kasulukuyang estratehiyang ginagamit sa pagtuturo kung nakikitang hindi na ito naaayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral lalo pa na ang mga ito ay may kakayahan nang suriin kung ang paraan ng kanilang pagkatuto ay wala nang kaugnayan at hindi na kapaki-pakinabang para sa kanila.

Balangkas Konseptuwal - Sa ebalwasyon ng mga sanayang gawain sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino para sa Persons Deprived of Liberty, binigyang halaga ng mananaliksik ang inilatag na instrumento ng DepEd (2020) sa ebalwasyon ng mga DepEd Developed Learning Resources (LRs). Tiningnan ang mga ito batay sa kaangkupan sa Nilalaman, Wika, gayundin ang Layout at Disenyo nito. Makikita sa Figyur 1 ang balangkas ng pag-aaral tungo sa sistematikong pagbuo at pagsakatuparan nito.

Kahalagahan ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito mahalaga para sa mga guro nagtuturo sa loob ng kulungan at mag-aaral na PDL dahil wala pang naibigay na kagamitang pampagkatuto ang Kagawaran ng Edukasyon na dumaan sa ebalwasyon at tiyak para sa kanila. Ang awtput ng pag-aaral na ito ay magsisilbing suplimental na kagamitan sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Magsisilbi ring sanggunian ng mga namamahala sa paaralan gayundin sa Leyte Regional Prison na bigyang-pansin ang mga makabuluhang gawaing pampagkatuto para sa mga mag-aaral na PDL. Maaaring maging batayan din ng mga opisyal ng ahensiya ang pag-aaral na ito upang mas bigyan pa nila ng suporta ang pagpapatupad ng mga edukasyonal na gawain sa loob ng kulungan gayundin upang mas matugunan ang ilang pangangailangan ng guro at mga mag-aaral sa pagpapatupad ng mga gawain bilang bahagi ng pakikilahok sa

edukasyon sa loob ng pasilidad. Magiging sanggunian naman ng mga mananaliksik ang proseso at awtput ng pag-aaral na ito sa ebalwasyon ng mga nabuong sanayang gawain sa iba pang asignatura para sa Persons Deprived of Liberty.



Figur 1. Balangkas ng Pag-aaral

Saklaw at Delimitasyon - Nakatuon lamang ang pag-aaral na ito sa ebalwasyon ng mga nabuo at kontekstuwalisadong sanayang gawain sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino (Filipino 11) sa Senior High School para sa Persons Deprived of Liberty. Binigyang halaga lamang sa pag-aaral na ito ang *evaluation tool* na inilatag ng Kagawaran ng Edukasyon na siyang ginamit ng mga eksperto. Limang eksperto lamang ang nagsilbing kalahok sa pag-aaral kung saan, tatlo mula rito ay mga gurong eksperto alinsunod sa mungkahi ng DepEd (2020) para sa ebalwasyon ng mga *School-Based Alternative Delivery Modality Learning Resources*. Ang tatlong gurong eksperto ay nakatoon sa tig-iisang krayterya sa ebalwasyon ng mga sanayang gawain-nilalaman, wika, layout at disenyo. Isang sikolohista at isang empleyado rin sa koreksyunal na pasilidad ang nagtakda ng ebalwasyon sa nilalaman, wika, at layout at disenyo ng mga sanayang gawain tugon sa pagtiyak kung ang kagamitan ay hindi lumalabag sa patakaran sa loob at kung hindi ba sensitibo para sa mga mag-aaral na PDL.

2. Metodolohiya

Kuwalitatibo ang disenyo ng pag-aaral na ito at ginawang pangunahing batayan ng mananaliksik sa interpretasyon ang mga tugon ng mga eksperto sa ginawang ebalwasyon sa mga sanayang gawain. Ginamit ng mga eksperto sa ebalwasyon ang *Evaluation Tool for Content, Language, Layout and Design for DepEd-developed Alternative Learning Delivery Modality Learning Resources* na inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon (2020) hango sa DepEd Order No. 018 s. 2020. Ang mga naratibong puna at mungkahi ng mga eksperto ay ginamit ng mananaliksik bilang empirikal na batayan sa pagpapaunlad ng awtput. Isinagawa ng mananaliksik ang pag-aaral na ito sa isang pampublikong paaralan sa loob ng pinakamalaking koreksyunal na pasilidad sa Rehiyon 8. Pinili ng mananaliksik ang paaralang ito upang matugunan ang suliraning kaniya mismong naranasan bilang guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa loob ng kontroladong pasilidad.

Tiniyak ng mananaliksik ang kumpirmasyon ng mga target na kalahok na eksperto upang maging bahagi ng pag-aara. Sinunod ng mananaliksik ang kanilang iskedyul bilang tugon upang hindi maabala ang iba nilang gawain. Binigyan din ng sapat na panahon ang mga eksperto sa ginawang ebalwasyon upang mas mabusisi ang lahat ng bahagi ng kagamitan. Matapos malikom ng mananaliksik ang mga naging tugon ng mga kalahok na eksperto, ang mga datos ay manuwal na itinala sa talahanayan at sinuri hango sa mga indikektor ng ginamit na instrumento. Binigyang halaga rin ang mga rekomendasyon ng mga eksperto sa pagpapaunlad ng awput.

3. Resulta at Pagtalakay

Inilahad sa kabanatang ito ang pagsusuri at interpretasyon ng mananaliksik sa mga nakalap na datos mula sa mga kalahok. Binigyang-diin ang mga naging tugon ng mga eksperto pagkatapos ng isinagawang ebalwasyon sa nilalaman, wika, layout at disenyo ng mga sanayang gawain. Ginawang batayan din ng mananaliksik sa pagtalakay ang mga naging tiyak na rekomendasyon ng eksperto sa pagpapaunlad ng mga kagamitan.

3.1 Tugon ng mga Eksperto sa Ebalwasyon sa NILALAMAN ng mga Sanayang Gawain

Matapos ang ebalwasyon ng mga eksperto sa nilalaman ng mga nabuong sanayang gawain, lumabas na complied ang kabuoang tugon ng mga ito mula sa anim (6) na nakatalang standards. Subalit, may mga bahaging kinakitaan ng pangangailangang marebisa tungo sa pagpapaunlad ng awtput. Malinaw rin sa mga naging rekomendasyon na ang nilalaman ng mga sanayang gawain ay nangangailangan ng minor revision bago ang field validation. Makikita sa Talahanayan 1 ang resulta sa ebalwasyon sa nilalaman ng mga sanayang gawain batay sa (a) Intellectual Property Rights Compliance, (b) Learning Competencies, (c) Instructional Design and Organization, (d) Instructional Quality, (e) Assessment, at (f) Readability. Binigyang halaga ng mananaliksik ang bilang ng mga naibigay na tugon ng mga eksperto sa mga krayterya ng bawat standards tungo sa mas malinaw na paglalahad ng mga datos. Nakatala rin ang kabuoang desisyon at rekomendasyon ng mga eksperto batay sa ginawang ebalwasyon.

Talahanayan 1

Resulta sa Ebalwasyon sa Nilalaman ng mga Sanayang Gawain

Standards	Kabuoang Bilang ng Krayterya	Bilang ng mga Krayterya na may tugon na YES	Bilang ng mga Krayterya na may tugon na NO	Kabuoang Desisyon
Intellectual Proper Rights Compliance	4	3	1	Complied
Learning Competencies	1	1	0	Complied
Instructional Design and Organization	11	11	0	Complied
Instructional Quality	6	6	0	Complied
Assessment	6	6	0	Complied
Readability	6	6	0	Complied
Kabuoang Rekomendasyon				Frequency (f)
<i>Minor revision.</i> This material is found compliant to the minimum requirements in all six factors. Revision based on the recommendations included in the Summary of Content Findings form and LR with marginal notes must be implemented.				1
<i>Major revision.</i> This material is non-compliant to the requirements in one or more factors. Revision based on the recommendations included in the Summary of Content Findings form and LR with marginal notes must be implemented.				0
<i>For field validation.</i> This material is found compliant to all factors with NO corrections.				2

Detalyadong tinala at sinuri ng mananaliksik ang tugon ng bawat eksperto sa ginawang ebalwasyon sa nilalaman ng sanayang gawain. Malinaw na Intellectual Property Rights Compliance ang minarkahan ng YES ng tatlong ekspertong sumuri sa nilalaman ng mga sanayang gawain. Ibig sabihin, complied ang kabuoang desisyon ng mga eksperto sa bahaging ito ng ebalwasyon. Patunay ito na ang pangkalahatang nilalaman ng mga sanayang gawain ay walang copyright violation at nabanggit ang mga sanggunian ng mga copyrighted text and visuals

kaya angkop itong gamitin ng guro at mga mag-aaral sa ika-11 na baitang bilang suplimental na kagamitan sa asignaturang Filipino. Samantala, may isang ebalweytor naman ang nagbigay ng “NO” para sa krayteryang the references are properly cited in the bibliography. Natuklasan na sa pahina 7, 15, 48 at 78 ng sanayang gawain, may mga awtor na nagbanggit ng mga may-akda ngunit hindi nailagay sa bahaging bibliography. Gayundin ang natuklasan sa pahina siyam kung saan hindi nabanggit ang reference ng mga ginamit na clipart at nirekomendahan na tiyaking nakalagay ang link ng mga ito sa bahagi ng sanayang gawain. Sa pahina 11 at 66 din ay hindi nalagyan ng taon kung kailan nailathala ng awtor na binanggit ang konseptong ginamit ng mananaliksik.

Lahat ng mga eksperto ay nagbigay rin ng YES sa nag-iisang krayterya ng sa standard na Learning Competencies. Ibig sabihin, complied ang kabuoang desisyon ng bahaging ito ng ebalwasyon. Nangahulugan na ang nilalaman ng mga sanayang gawain ay konsistent sa mga targeted DepEd Learning Competencies (LCs) for the learning area and grade level. Patunay din ito na ang nilalaman ng mga sanayang gawain ay akma para sa kakayahan ng mga target na mga mag-aaral at tiyak na makatutulong sa pagtamo ng mga kasanayang inaasahang mayroon ang mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa ika-11 na baitang.

Samantala, 11 na krayterya ng Instructional Design and Organization ang minarkahan ng YES ng tatlong eksperto matapos ang ginawang ebalwasyon sa nilalaman ng mga sanayang gawain kaya complied ang kabuuang desisyon ng mga eksperto sa bahaging ito ng ebalwasyon. Nangahulugan lamang na ang nilalaman ng mga sanayang gawain ay nakaaambag sa pagtamo ng mga layunin ng asignatura sa tiyak na taon o baitang, may pagkakasunod-sunod sa nilalaman at gawain ng bawat aralin tungo sa pagtamo ng mga layunin, at tugma para sa mga mag-aaral at lebel ng kanilang kasanayan, pangangailangan, at karanasan. Patunay rin ito na ang nilalaman ng mga sanayang gawain ay nakapagtibay at nakapagyayaman sa kanilang kompetensi sa tiyak na asignatura at baitang o taon, lohikal at organisado ang pagbuo ng kagamitan kung saan ang mga gawain ay nakabalangkas mula simple patungo mahirap at mula observable to abstract, naglalaman ng mga mahahalagang introduksyon, rebyu at buod tungo sa maayos na daloy ng talakayan mula unang paksa sa pangalawa, may integrasyon sa una at kasalukuyang paksa, may mga pagganyak na gawain, at naglalaman ng iba-ibang estratehiyang tumutugon sa iba-ibang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Masasabi rin na ang naebalweyt na sanayang gawain ay nakatutulong sa pagpapa-unlad ng higher cognitive skills (critical thinking skills, creativity, learning by doing at problem solving) at 21st century skills.

Anim o lahat ng krayterya ng mga standards na Instructional Quality, Assessment at Readability ang minarkahan ng YES ng mga eksperto matapos ang ginawang ebalwasyon ng mga sanayang gawain. Ibig sabihin complied ang mga sanayang gawain sa mga bahaging ito ng ebalwasyon. Nangahulugan na sa instructional quality, ang nilalaman at impormasyon na nakita sa sanayang gawain ay tumpak, napapanahon, malaya sa social content violations, factual errors, computational errors, at grammatical errors. Subalit nirekomendahan sa na ayusin ang tamang baybay ng sa isang may-akda na binanggit ng mananaliksik tungo sa mas tiyak na pagbibigay pagkilala nito bilang isa sa mga naging sanggunian ng konsepto. Samantala, sa panlimang standard na Assessment, malinaw na ang mga sanayang gawain ay naglalaman ng mga gabay at impormasyon na tumutulong sa mga guro na maebalweyt ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa target na mga kompetensi. Dagdag pa, nangahulugan din na ang mga sanayang gawain ay naglalaman ng mga pagsusulit na tugma sa tiyak na mga layunin at paksa, naglalaman ng mga self-checks, ready-made achievement tests, at review activities, iba-ibang uri ng pagsusuri, may malinaw at tiyak na pamantayan o gabay kung paano ang mga ito tugunan, at sinisiguradong may aktibong pakikilahok ang mga mag-aaral sa mga gawain kaya angkop itong gamitin ng guro at mga mag-aaral bilang suplimental na kagamitan. Sa standard na Readability naman ay nangahulugang malinaw ang lebel ng bokabularyong ginamit sa nilalaman ng mga sanayang gawain ay tugma sa mga target na gagamit ng mga materyal gayundin sa karanasan at antas ng kaalaman ng mga ito. Dagdag pa, ang haba ng mga pangungusap ay naangkop sa kakayahan at komprehensiyon ng mga mag-aaral, ang estruktura ng bawat talata at pangungusap ay may baryasyon at angkop sa mga mag-aaral, may lohikal at maayos na daloy ng mga ideya mula sa aralin, may konsistensi sa paggamit ng mga transition devices, at ang mga aralin gayundin ang mga panuto ay malinaw para sa mga target na gagamit ng kagamitan.

For Field Validation naman ang rekomendasyon ng dalawa sa tatlong eksperto matapos ang ebalwasyon sa nilalaman. Samantala, isa naman ang nagrekomenda ng Minor Revision matapos kakitaan ng iilang kakulangan sa mga bahagi ng mga sanayang gawain. Binigyan din din ng isang eksperto na ang kabuuang format ng mga nabuong sanayang gawain ay wasto at nagmungkahi na ipagpatuloy ang pagbuo ng mga kagamitang tulad nito para sa pangatlo at pang-apat na kuwarter. Positibo naman ang naging tugon ng isang eksperto mula Bureau of Corrections kung saan binigyang diin na walang nakitang paglabag sa panuntunan ng koreksiyunal na pasilidad ang nilalaman ng mga sanayang gawain. Ibig sabihin, katanggap-tanggap ito para sa mga mag-aaral na PDL.

Mahalagang matiyak ang kaangkupan ng nilalaman sa mga nabuong sanayang gawain upang masiguro na kaya nitong tugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral. Samakatuwid, ang konseptong ito ay napatotohanan sa ginawang pag-aaral ni Cordenete (2020) kung saan binigyang diin niya na natitiyak lamang ang kabisaan ng isang kagamitan kung dumaan ito sa ebalwasyon at kung naging positibo o katanggap-tanggap ang kabuuang tugon ng mga ebalweytor. Tugma rin ang pag-aaral ni Talabong (2019) na kung saan, pinatotohanan niya na sa pagtanggap ng mga kagamitang panturo sa Filipino na likha ng mga guro, mahalaga na bigyang diin ang naging positibong resulta matapos itong idaan sa ebalwasyon. Patunay rin sa naging resulta ng ebalwasyon ng nilalaman na kahit may sapat na kaalaman ang guro sa kanyang mga mag-aaral at may sapat na kakayahan sa pagbuo ng mga kagamitang pampagkatuto, hindi ito nangangahulugang lahat ng kanyang mga inihanda ay wasto at malaya sa mga pagkakamali. Samakatuwid, napatutuhanan sa ginawang pag-aaral nina Bacio at Sagge (2022) na nagsisilbing tulay ang ebalwasyon sa interkasyon ng mga eksperto sa nilalaman ng mga nabuong kagamitan tungo sa maingat na pagbusisi nito.

3.2 Tugon ng mga Eksperto sa Ebalwasyon sa WIKA ng mga Sanayang Gawain

Sa tulong ng isang eksperto sa wika na naging kalahok din ng pananaliksik na ito gayundin sa mga detalyadong deskripsyon ng mga pamantayan sa instrumentong ginamit, ang mga tugon ng tatlong eksperto ay maingat na kinategorya batay sa mga krayteryang naging batayan sa ebalwasyon sa wika ng mga sanayang gawain. Makikita sa Talahanayan 2 ang resulta sa ebalwasyon sa wika ng mga nabuong sanayang gawain batay sa (a) Coherence and Clarity of Thought, (b) Grammar and Syntax, (c) Spelling and Punctuation, at (d) Consistency and Style. Malinaw at detalyado ang ginawang pagtala sa mga nakitang obserbasyon gayundin ang tiyak na rekomendasyon ng mga eksperto tungo sa pagpapaunlad ng kagamitan. Ang mga ito rin ang naging batayan ng mananaliksik sa ginawang interpretasyon na bahagi ng pag-aaral na ito.

Talahanayan 2

Resulta sa Ebalwasyon sa Wika ng mga Sanayang Gawain

Krayteryon	Saknong / Linya / Bilang ng pahina	Maikling Paglalarawan sa mga Obserbasyon	Tiyak na Rekomendasyon	
Coherence and Clarity of Thought	Talaan ng Nilalaman	Kuwarter at Linggo ang gamitin sa halip na Quarter & Week (<i>Inconsistent</i> ang paggamit nito)	Gamitin ang Wikang Filipino/mga termino sa Filipino	
		“May-akda” ang gamitin sa halip na “awtor	Ayusin at maging maingat sa paggamit ng mga salita	
		Pahina 1,9,17,26, 33, 40, 57, 63, 70, 79, 90, 97, 106, 116, 125	“linggo” para sa “week”	Ayusin at maging maingat ang paggamit ng mga salita
			Gamitin /isalin ang termino sa filipino	
		Pahina 10	“Patalastas” ang gamitin sa halip na adbertismo	Gamitin ang mga salita sa filipino na madaling maunawaan
	Pahina 35	“bilang” sa halip na biglaang	Gamitin ang angkop na salita	
	Pahina 94	giling-giling” sa halip na galing-galing	Gamitin ang angkop na salita	

	Pahina 138	“Ukol dito”-ukol ito Palitan ang “na” sa narubdub-gamitin ang “ma”	Gamitin ang angkop na salita Palitan ng tamang termino Ayusin at maging maingat sa paggamit ng mga salita
	Pahina 139	Tanggalin ang “na” sa gitna ng “naniniwala at sila” Tanggalin ang “sila” sa gitna ng “lang” at “sa”	Tiyaking maitama ang mga titik na nagpapalitan
Grammar and Syntax	Pahina 11	Probinsya “ng” Lucban” Humigit-humigit- <i>Redundant</i> “Mga mga”-redundant	Ayusin at maging maingat sa paggamit ng mga salita.
Spelling and Punctuation	Talaan ng Nilalaman	“pananaw” sa halip na “ananaw” Kulang ng “n” ang konsepto	Ayusin ang baybay ng mga salita
	Pahina 1,9,17,26,33, 40, 57, 63, 70, 79, 90, 97, 106, 116, 125	“seskyon”-mali ang baybay	“Seksyon”
	Pahina 2	“lôrang” -lagyan ng (‘)	Ayusin ang baybay ng mga salita
	Pahina 3	“nnagtakda”-dalawa ang “n” “makaagapaay”-dalawa ang “a” “naiiugnay” sa halip na naiuugnay	Ayusin ang baybay ng mga salita
	Pahina 8	“tayo’s” sa halip na tayo’y	“tayo’y”
	Pahina 10	“pagmamahal” kulang ng “g” “pananalita”-mga titik na nagpapalitan “indibiduwal”-mga titik na nagpapalitan	Ayusin ang mga nagpapalitanang titik
	Pahina 11	Sosyo-swasyonal-kulang ng “t” Saa- “sa”	Ayusin ang baybay ng mga salita
	Pahina 30	“instrumenting” sa halip na instrumentong	Ayusin ang baybay ng salita
	Pahina 37 Pahina 134	“pariralaa” doble ang “a” “bubuuin” sa halip na buuoin	Ayusin ang baybay ng salita Palitan ng “u” ang “o”
	Pahina 136 - 137	“Kabuaan” sa halip na “kabuoan” konklusyon"-sa halip na kongklusyon	Ayusin ang baybay ng salita
	Pahina 139	“dito”-ayusin ang baybay	Ayusin ang baybay ng salita
Consistency and Style	Pahina 4 at 6	Hindi nakatala ang kabuoang puntos	Tiyakin ang kabuoang puntos
	Pahina 36	<i>Doubled Spaced</i> ang talata sa bahaging ito	Maging <i>consistent</i> kung <i>doubled spaced</i> ba o hindi
	Pahina 49	Gawing malalaking titik ang “W” at “P” sa “wikang pambansa”	Malalaking titik na “W” and “P”
	Pahina 138	Lagyan ng <i>space</i> sa gitna ng “kababaihan at “may”	Lagyan ng <i>space</i> sa gitna ng kababaihan at may

Iba pang Komento o Rekomendasyon:

Bilang kabuuan, maayos ang pagpili ng mga salita.

Walang mga sensitibong salita na makapagdudulot ng distress sa mga PDL.

Maingat ang naging ebalwasyon ng mga eksperto sa wika ng mga nabuong sanayang gawain. Tiyak ang kanilang mga naging rekomendasyon sa bahaging nangangailangan ng rebisyon upang mas mapaunlad pa ang kagamitan para sa mga mag-aaral na PDL.

Matapos ang ginawang ebalwasyon ng mga eksperto, natuklasan na ang kagamitan ay kakitaan ng mga kakulangan sa krayteryang Coherence and Clarity of Thought. May hindi angkop na paggamit ng mga salita ang ilang bahagi ng kagamitan tulad ng naging tugon ng mga eksperto sa bahaging talaan ng nilalaman, unang pahina, pahina siyam, pahina 17, 26, 33, 40, 57, 63, 70, 79, 90, 97, 106, 116, at 125. Hindi naging konsistent ang ginamit na salita sa panimulang bahagi ng sanayang gawain na kung saan may mga terminong ingles ang inilagay ng may-akda sa mga bahaging nabanggit tulad ng “Linggo” para sa “Week” at “Kwartar” para sa “Quarter” na maaari namang terminong Filipino ang gamitin tugon sa medyum o wika ng asignatura. Sa pahina 10, minungkahi ng mga eksperto na palitan ang salitang “adbertismo” ng salitang “patalastas” tugon upang mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral. Ganito rin ang mungkahi ng mga eksperto matapos matuklasaan na may mga salitang ginamit ang may-akda na hindi angkop at maaaring makapagdudulot lamang ng kalituhan tulad ng salitang “bilang” sa pahina 35 na sa halip na “biglaang”, salitang “giling-giling” sa pahina 94 na dapat ay “galing-galing”, “ukol dito” sa pahina 138 na dapat ay “ukol ito”.

Wala namang naitalang masyadong mahaba o komplekadong pangungusap sa kagamitan na sa tingin ng mga eksperto ay maaaring palitan. Samantala, may iilang obserbasyon din ang mga eksperto sa paggamit ng Conjunction and Transitional Phrases sa pahina 139 ng kagamitan tulad ng pagpapalit ng “na” sa salitang “marubdub”, pagtanggap ng “na” sa gitna ng mga salitang “naniniwala at sila”, gayundin ang salitang “sila” sa gitna ng dalawang salitang “lang” at “sa”, at ang paglagay ng “ng” sa gitna ng salitang “probinsya” at “Lucban”. Binigyang diin na, dapat maging maingat ang may-akda sa pagpili ng mga angkop na salita dahil ang mga ito ang nag-uugnay sa mga pangungusap o talata. Lumabas din sa ginawang ebalwasyon na ang mga sanayang gawain ay kakitaan ng mga makabuluhang pahayag at ang mga konsepto o ideya ay lohikal ang pagkakasunod-sunod. Bagaman at iilan lamang sa mga salita ang hindi malinaw ang kahulugan at hindi konsistent sa paggamit ng mga ito sa mga pahayag, patunay ang tugon ng mga eksperto sa bahaging ito ng ebalwasyon sa wika ng mga sanayang gawain na may mga salitang kailangan talagang palitan sapagkat makapagdudulot ito ng kalituhan sa mga target na mga mag-aaral. Dagdag pa, ang mga mungkahi ring ito ay nangangahulugan lamang na may iuunlad pa ang konsistensi at estilo ng paggamit ng wika sa mga nabuong sanayang gawain ng guro.

Sa Grammar at Syntax naman natuklasan na may mga salita sa pahina 11 ang inuulit (redundancies) tulad ng “mga”, at “humigit” na binigyang diin ng mga eksperto na ayusin. Wala namang nakitang pagkakamali sa agreement between subject and verb, use of verb tenses, at paggamit ng modifiers. Wala ring nakita ang mga eksperto na faulty parrallel construction, split infinitives, at overuse of certain words. Patunay ang obserbasyong ito ng mga eksperto matapos ang ebalwasyon sa wika na may kaunting pangangailangan ang grammar at syntax ng mga sanayang gawain na maisaayos tugon upang hindi mahirapan ang mga mag-aaral na gamitin ito.

Marami naman ang nakitang pagkakamali sa Spelling and Punctuation matapos ang ginawang ebalwasyon ng mga eksperto. Natuklasan na sa unang pahina, pahina siyam, 17, 26, 33, 40, 57, 63, 70, 79, 90, 97, 106, 116, at 125, ang salitang “seksyon” ay naging “seskyon”. Sa pahina 2 naman nakita na dalawa ang titik “n” sa salitang “nagtakda” gayundin sa pahina 3 kung saan dalawa ang titik “a” sa huling pantig ng salitang “magkaagapay” at sobra ang titik “i” sa salitang “naiuugnay”. Sa pahina 8 naman ay nakita na ang salitang “tayo’y” ay naging “tayo’s” gayundin sa pahina 10 na walang titik “g” ang salitang “pagmamahal”. Mali rin ang baybay ng salitang “sosyo-sitwasyonal” kung saan nakita ng ebalweytor sa pahina 11 na wala itong titik “t”. Sa pahina 11 rin ay sobra ng titik “a” ang baybay ng salitang “sa”. Kakitaan rin ng maling baybay ang pahina 30 kung saan naging

“instrumenting” ang salitang “instrumentong”. Gayundin sa pahina 35 kung saan kulang ng isang titik “a” ang huling pantig ng salitang “biglaan”. Naging “parirala” naman ang salitang “parirala” sa pahina 37. Pareho namang mali ang baybay ng salitang “kabuuan” sa pahina 136 at 137 kung saan ginawang titik “o” ang pangatlong pantig nito gayundin ang salitang “kongklusyon” na dapat sana ay wala na ang titik “g”. Sobra rin ng isang “t” salitang “dito” sa pahina 139 at nirekomendahan na ayusin ang baybay nito.

Nangangahulugan ang resultang ito ng ebalwasyon sa wika ng mga sanayang gawain na mahalagang maging maingat ang guro sa pagbuo ng mga kagamitan lalo na sa asignaturang Filipino dahil madalas ay nagkakaroon ng autocorrection ang kompyuter lalo na sa pagbabaybay ng mga salita. Dagdag pa, patunay ng naging tugon ng mga eksperto sa bahaging ito ng ebalwasyon na ang mga nabuong kagamitan ng guro lalo na sa Filipino ay mahalagang idaan sa ebalwasyon upang mas matingnan at matiyak ang wastong baybay ng lahat ng mga salitang ginamit nang hindi magdulot ng kalituhan sa mga target na mag-aaral.

May natuklasan din ng mga eksperto sa Consistency in Style ng mga sanayang gawain matapos ang ginawang ebalwasyon sa wika ng mga sanayang gawain. Nakita na sa pang-apat at pang-anim na pahina, walang inilagay na kabuuang puntos sa rubrics na ginamit para sa mga gawain. Napansin din ng mga eksperto na sa pahina 49, hindi kapitalisado ang titik “w” at “p” sa “Wikang Pambansa” kaya minungkahi na tiyaking marebisa ito. Natuklasan din sa pahina 138 na nagkadikit ang mga salitang “kababaihan” at “may” kaya nirekomendahan ng mga eksperto na tiyaking ihiwalay ang mga ito. Ang tugon ng mga eksperto sa consistency in style matapos ang ebalwasyon sa wika ng mga sanayang gawain ay patunay na may pangangailangan pa ang ilang bahagi ng kagamitan na paunlarin. Bagaman at hindi lahat, mainam pa rin na ang guro ay maging maingat sa pagsunod sa mga alituntunin sa capitalization, hyphenation at setting off in italics tugon upang maging angkop ang kabuoan ng wikang ginamit sa kagamitan.

Positibo ang naging kabuuang obserbasyon ng mga ebalweytor sa mga salitang ginamit sa mga sanayang gawain. Dagdag pa, matapos ang ebalwasyon ay nakita na walang mga sensitibong salita sa mga sanayang gawain na maaaring magdulot ng distress para sa mga mag-aaral na Persons Deprived of Liberty na target na gagamit ng kagamitan. Mahalaga lamang na ang mga salitang ginagamit ng guro sa pagtuturo gayundin sa mga kagamitang inahahanda nito sa kanyang mag-aaral ay wasto o tugma hindi lamang upang patunayan na dapat hindi ito maaaring magkamali dahil siya ay guro kundi ito ay isang hakbang upang maturuan ang mga mag-aaral sa wastong gamit ng mga termino, baybay at bantas na mahalaga lalo na sa ika-uunlad ng kanilang akademikong perormans.

Napatotohanan ito sa ginawang pag-aaral nina De Guzman at Abagon (2021) kung saan nabanggit na kahit marami ang nagiging factor sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa wikang Filipino, ang guro ang tinitingnan bilang isa sa may malaking impluwensiya pagdating sa kabuuang perormans ng mga ito. Kaya madaling sabihin na sa mga gawain at mga kagamitang pampagkatuto na inihahanda, mahalaga na tiyak at maingat ang guro sa wastong paggamit ng wika. Dagdag pa, natutulungan din ng ebalwasyon ang pagtamo sa kalidad ng isang kagamitan dahil nabibigyang pagkakataon ang mga dalubhasa na mabusisi ito. Ang pagbibigay halaga naman kung ang wikang gamit sa mga sanayang gawain ay hindi sensitibo para sa mga mag-aaral na PDL ay mahalagang tugon sa layunin ng edukasyon sa loob ng koreksyunal pasilidad. Ang matiyak na magkaroon ng holistikong repormasyon ang bawat PDL na lalahok sa mga gawaing pampagkatuto na siyang pangunahing hangarin ng programang pinatutupad ng DepEd at BuCor ay mas napatitingkad pa sa tulong ng mga inihahandang kagamitan ng guro na may positibong gamit ng wika. Samakatuwid, napatotohanan sa pag-aaral nina Ondras at Alvero (2022) ang epekto ng pagkakaroon ng pormal na edukasyon sa loob ng koreksyunal na pasilidad gayundin ang potensyal na dulot ng mga mahusay na inihahandang kagamitang pampagkatuto na tiyak para sa mga mag-aaral na PDL.

Sa pangkalahatan, naging malinaw at tiyak ang obserbasyon at rekomendasyon ng mga eksperto sa mga pagkukulang na nakita matapos ang ebalwasyon sa wika ng mga sanayang gawain. Binigyang diin ang pagtiyak sa mga salitang gagamitin at wastong baybay ng mga ito sapagkat nasusukat ang mahusay na kagamitang

pampagkatuto kung natatamo lamang nito ang hangaring maintindihan ito ng mga target na mga mag-aaral.

3.3 Tugon ng mga Eksperto sa Ebalwasyon sa Layout at Disenyo ng mga Sanayang Gawain

Maingat at detalyado rin ang ginawang ebalwasyon ng mga eksperto sa layout at disenyo ng mga nabuong sanayang gawain tugon sa layunin na matiyak na ang mga ito ay kapaki-pakinabang para sa mga mag-aaral na PDL. Dagdag pa, sa hangarin na magkaroon ng pinagyamang kagamitan para sa nabanggit na mga mag-aaral, pinahalagahan ng mananaliksik ang mga naging mungkahi ng mga eksperto. Makikita sa Talahanayan 3 ang tugon ng mga eksperto sa ebalwasyon sa Layout at Disenyo ng mga sanayang gawain batay sa mga factor na (a) Physical Attributes, (b) Design and Layout, (c) Typographical Organization, at (d) Visuals. Makikita rin ang kabuoang desisyon at rekomendasyon ng mga ito matapos ang ginawang ebalwasyon.

Talahanayan 3

Resulta sa Ebalwasyon sa Layout at Disenyo ng mga Sanayang Gawain

Standards	Kabuoang bilang ng Kraytera	Bilang ng mga krayterya na may tugon na YES	Bilang ng mga krayterya na may tugon na NO	Kabuoang Desisyon
Physical Attributes (cover page, front matter pages, inside pages, back matter pages)	11	9	2	Complied
Design and Layout	6	5	1	Complied
Typographical Organization	4	4	0	Complied
Visuals	13	13	0	Complied
Kabuoang Rekomendasyon				Frequency (f)
Minor revision. This material is found compliant to the minimum requirements in all six factors. Revision based on the recommendations included in the Summary of Content Findings form and LR with marginal notes must be implemented.				2
Major revision. This material is non-compliant to the requirements in one or more factors. Revision based on the recommendations included in the Summary of Content Findings form and LR with marginal notes must be implemented.				0
For field validation. This material is found compliant to all factors with NO corrections.				1

Sa ginawang ebalwasyon sa Layout at Disenyo ng mga sanayang gawain, lumabas na sa Physical Attributes, tatlong eksperto ang may tugon na YES, sa lahat ng krayterya ng Cover Page. Ibig sabihin, nakita na ang sining mayroon ang cover page ay katanggap-tanggap, may kaugnayan sa asignatura, at nakakukuha ng interes. Samantala, napansin ng mga eksperto na sa front matter pages ay may talaan ng nilalaman subalit nakitang walang pahina ang bahaging ito. Sa Inside Pages natuklasan na walang arabic numerals ang pahina na ginamit sa panimulang bahagi ng mga kagamitan at ang mga bilang ng mga pahina ay hindi nakasentro sa ibabang bahagi. Wala ring nakitang back matter pages tulad ng bibliography at appendix ang mga eksperto para sa kabuuan ng kagamitan kaya no ang naging tugon nila sa bahaging ito. Sa pangkalahatan, Complied ang kabuoang tugon ng tatlong eksperto para sa standard na physical attributes. Patunay na kahit may mga maliit na bahaging kailangang marebisa, positibo ang mga eksperto na sanayang gawain ay angkop gamitin ng mga mag-aaral na PDL.

Complied naman ang kabuoang resulta sa design and layout matapos ang ginawang ebalwasyon dahil lima sa anim na krayterya ang may tugon na YES. Nangangahulugan lamang na nakita ng mga eksperto na konsistent ang mga sanayang gawain sa mga elementong tulad ng main heads, subheads, sections, at subsections. Nangangahulugan din na ang kagamitan ay simple lamang ngunit kakitaan ng dating. Dagdag pa, may katugmaan sa isa't-isa ang mga ginamit na ilustrasyon at teksto at tugma para sa mga target gagamit. Samantala, isa sa mga ebalweytor ang nagbigay ng hindi pagsang-ayon sa harmonious blending of elements dahil natuklasan nito na masyadong madilim ang font color ng isang ilustrasyon na makikita sa pahina 17. Ang paggamit ng light

colors naman ang naging rekomendasyon dito. Complied naman ang kabuuang resulta sa tugon ng mga eksperto para sa typographical organization kung saan lahat ng krayterya ay natugunan ng YES matapos ang ginawang ebalwasyon. Nangangahulugan lamang na tama ang font size at font style na ginamit ng may-akda sa mga nabuong sanayang gawain at natutulungan nito na matukoy ng mga target user ang kahalagahan ng bawat ideya o konseptong napapaloob. Dagdag pa, nakita rin ng mga ebalweytor na may kaugnayan ang ginamit na boldface at italics sa mga tekstong binibigyang diin sa kagamitan.

Complied naman ang kabuuang resulta sa visuals batay sa mga naging tugon ng mga eksperto. Sa labintatlong krayterya, lahat ay may tugon na YES mula sa mga eksperto. Nangangahulugan lamang na ang mga nakitang ilustrasyon, larawan, mapa, talahanayan, at graphs sa mga sanayang gawain ay nagsisilbing suplimit ng teksto at mas binibigyang linaw ang mga konseptong o paksang pinag-uusapan tungo sa mas madaling pagkaunawa ng mga target gagamit ng kagamitan. Nangangahulugan din na konsistent at malinaw ang nilalaman at detalye ng mga ginamit na ilustrasyon at ang mga ito nakitang may pagpapahalaga sa edad, kultura, at sitwasyon ng mga mag-aaral. Kakitaan din ng potensyal ang mga ginamit na visuals sa pagpapanatili ng interes ng mga mag-aaral at ang mga ito ay may maayos na balangkas at sukat sa mga pahina. Angkop din ang mga label o caption ng mga ito gayundin ang kulay, line drawings at mga larawang iba-iba ang binibigyang representasyon.

Dalawa sa tatlong eksperto ang nagbigay ng tugon na Minor Revision bilang kabuuang rekomendasyon at ang isa naman ay may tugon na For Field Validation matapos ang ginawang ebalwasyon sa layout at disenyo ng mga sanayang gawain. Nangangahulugan ito na ang kagamitan ay compliant o sumusunod sa mga minimum na pangangailangan ng isang mabisang sanayang gawain subalit kakitaan ng maliliit na pagkakamali na kung saan kinakailangan na mabigyang rebisyon muna bago ang field validation.

Ang mahusay na layout at disenyo ng isang kagamitang pampagkatuto ay nasusukat hindi lamang sa dating nito sa mata ng mga mag-aaral kundi sa kung ano ang representasyon ng kagamitan sa pagkatuto ng mga ito. Samakatuwid, napatotohanan sa pag-aaral nina Saunders at Wong (2020) na ang iba-iba ngunit mahusay na mga desinyo ng isang kagamitang pampagkatuto ay may epekto sa prosesong kognitib ng mga mag-aaral. Aktibong iniuugnay ng mga ito ang dating kaalaman sa kanilang utak at ang mahusay na desinyo ang nagsisilbing pasilitaytor sa kognitib na prosesong ito. Sa pangkalahatan, bagaman at complied with minor revision ang naging tugon ng mga eksperto matapos ang ebalwasyon sa layout at disenyo ng mga nabuong sanayang gawain, mahalaga na may tiyak na mga rekomendasyon ang mga ito upang mas mapaunlad pa ang kagamitan. Bilang pangunahing layunin ng mananaliksik na magkaroon ng pinagyamang kagamitan para sa mga mag-aaral na Persons Deprived of Liberty, hakbang ang pagpapahalaga ng mananaliksik sa mga tugon ng mga eksperto tungo sa pagsiguro na ang layout at disenyo ay akma sa target na mga mag-aaral.

4. Konklusyon at Rekomendasyon

Sa bahaging makikita ang mga konklusyon at rekomendasyon ng mga mananaliksik sa pag-aaral.

4.1 Konklusyon

Ang nilalaman ng mga sanayang gawain ay complied with minor revision batay sa mga standard na (a) intellectual property rights compliance, (b) learning competencies, (c) instructional design and organization, (d) instructional quality, (e) assessment, at (f) readability. Maayos din ang pangkalahatang formating ng kagamitan at walang paglabag sa patakaran ng koreksiyunal na pasilidad ang nilalaman ng mga sanayang gawain kaya angkop itong gamitin ng mga guro at mag-aaral sa koreksiyunal na pasilidad. Wala ring mga sensitibong salita ang ginamit sa mga sanayang gawain na magdudulot ng distress para sa mga PDL subalit may mga kakulangan sa WIKA pagdating sa (a) coherence and clarity of thought, (b) grammar and syntax, (c) spelling and punctuation, at (d) consistency and style na kailangang bigyan ng rebisyon upang mas madaling maintindihan ng mga target na mag-aaral ang laman ng mga aralin. Ang LAYOUT AT DESINYO naman ng mga sanayang gawain ay

complied with minor revision *batay sa mga factor na* (a) physical attributes, (b) Design and Layout, (c) Typhographical Organization, at (d) Visuals. *Ibig sabihin ay may mga nakitang kakulangan sa ilang bahagi ng mga sanayang gawain na kailangang matugunan bago ang field validation.*

Ang mga naging mungkahi ng mga eksperto sa ginawang ebalwasyon sa mga sanayang gawain ay ginawang batayan ng mananaliksik sa pagpapaunlad ng mga ito. Malinaw mula sa mga naging rekomendasyon na may ika-uunlad pa ang kagamitan. Dagdag pa, kahit kakitaan ng ilang maliliit na mga bahagi ang mga sanayang gawain na nangangailangang marebisa, minungkahi ng mga eksperto na kapag natugunan na ng mananaliksik ay gamitin ito ng mga guro at mga mag-aaral bilang suplimental na kagamitan sa asignaturang Filipino. Nangangahulugan na ang mga sanayang gawain ay angkop para sa ika-11 baitang na mga mag-aaral na Persons Deprived of Liberty at maaari nila itong gamitin sa loob ng kontroladong pasilidad.

4.2 Rekomendasyon

Gumamit ng mga gawaing akma sa target na mga mag-aaral at may pagbibigay halaga sa panuntunan ng koreksiyunal na pasilidad sa pagbuo ng mahusay na NILALAMAN ng mga sanayang gawain para sa mga mag-aaral na Persons Deprived of Liberty. Mainam din na piliin ang mga angkop na salita upang mas madaling maintindihan ang mga pahayag sa mga sanayang gawain at maging maingat sa paggamit ng WIKA upang hindi ito makapagdudulot ng distress sa mga mag-aaral na PDL. Tiyaking buo ang mga bahagi ng mga sanayang gawain upang matamo ang mahusay na LAYOUT at DESINYO ng mga ito. Piliin din nang maingat ang kulay at sukat ng mga ilustrasyon at teksto na angkop para sa mga mag-aaral na PDL.

Mainam din na gamitin ng mga guro at iba pang mananaliksik ang proseso at instrumento ng pag-aaral na ito sa pagbuo at pagtakda ng ebalwasyon ng mga sanayang gawain sa iba pang asignatura para sa mga mag-aaral na PDL. Gawing sanggunian naman ng mga mag-aaral at gurong nagtuturo ng Filipino sa loob ng koreksiyunal na pasilidad ang mga sanayang gawain na awtput ng pag-aaral sapagkat ang mga ito ay idinaan na sa ebalwasyon at may pagpapahalaga sa kalagayan ng mga target na mga mag-aaral.

5. Sanggunian

- Bacio Jr, S. P., & Sagge Jr, R. G. (2022). Development and Evaluation of an Instructional Package for Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. *Journal of Positive School Psychology*, 6(3), 3010-3027. Retrieved from: <https://www.journalppw.com/index.php/jpsp/article/view/2083>
- Cordenete, J. B., & Macaldao, M. T. E. (2020). *Pagbuo at Balidasyon ng Interaktibong Modyul sa Pagtuturo ng Florante at Laura*. PSU Multidisciplinary Research Journal, 3(1). Retrieved from: <https://psurj.org/online/index.php/mrj/article/view/139>
- De Guzman, J. A., & Abagon (2021). *Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo at Pagkatuto ng mga mag-Aaral sa asignaturang Filipino ng Senior High School*. Retrieved from: <https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/10/P21510125137.pdf>
- Department of Education (2013). *K to 12 Basic Education Curriculum Framework*. Retrieved from: <https://www.deped.gov.ph/k-to-12/about/k-to-12-basic-education-curriculum/>
- Department of Education (2019). *Policy Guidelines on the K to 12 Basic Education Program*. Retrieved: https://www.deped.gov.ph/wpcontent/uploads/2019/08/DO_s2019_021.pdf
- Department of Education (2020). *Alternative Delivery Modality Learning Resource Standards*. Retrieved from: <https://www.studocu.com/ph/document/university-of-calocan-city/education/adm-lr-standards-05082020/17698287>
- Department of Education (2020). R.M. no. 538, s. 2020. *Establishment of Cagbolo Senior High School, Leyte Division*. Retrieved from: <https://region8.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/10/RM-s2020-538.pdf>
- Department of Education (2020). *Government Permit no. 039, s. 2020. Cagbolo Senior High School, Techvoc Track: Ia (Smaw I & Ii, Eim, Automotive Servicing)*. Retrieved from: <https://region8.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/03/GPsecPub-s2020-039.pdf>

- Department of Education (2020). *Adoption of the Basic Education Learning Continuity Plan for School Year 2020-2021 in the light of Covid-19 Public Health Emergency*. Retrieved from https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/06/DO_s2020_012.pdf
- Department of Education (2020). *Policy Guidelines for the provision of learning resources in the implementation of the basic education learning continuity plan*. Retrieved from: https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/08/DO_s2020_018.pdf
- Department of Education (2020). *School Calendar and Activities for School Year 2020-2021*. Retrieved from: https://www.deped.gov.ph/wpcontent/uploads/2020/05/DO_s2020_007.pdf
- Knowles, M. S. (1972). *Andragogy*. NETCHE. Retrieved from: https://www.researchgate.net/profile/Lucille-Maddalena/publication/279925413_What_the_is_Andragogy/links/559e738408aeab53f8fd2cc5/What-the-is-Andragogy.pdf
- Ondras, L. B., & Alvero, J. R. (2022). *Senior High Program in Prison Culture: Its Rehabilitative effect during and after Incarceration*. Retrieved from: http://www.theajhssr.com/V-5_1/THEAJHSSR_D05010210300505.pdf
- Republic Act 10533 (2013). *Enhanced Basic Education Act of 2013*. Retrieved from: <https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/>
- Rogers, C. R. (1942). *Counseling and psychotherapy: newer concepts in practice*. Boston: Houghton Mifflin.
- Rogers, C. R. (1951). *Client-centred therapy: It's current practice, implications and theory*. Boston: Houghton Mifflin.
- Sauders, L & Wong, M (2020). *Designing Instructional Materials*. PB Pressbooks, Illinois Library. Instruction Libraries and Information Centers. Retrieved from: <https://iopn.library.illinois.edu/pressbooks/instructioninlibraries/chapter/designing-instructional-materials/>
- Talabong, D. (2019). *Debelopment Ng Suplemental Na Kagamitang Panturo Sa Panitikang Pandaigdig Sa Ika-10 Baitang Ng Manuel S. Enverga Memorial School of Arts and Trades Mauban, Quezon*. Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts, 3(2B). Retrieved from: <https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/5354>